Panaginip

Gloc-9

Nagdiriwang na ang puso ko at akoy inaantok
Wala na akong pakialam kahit papakin pa ng lamok
Kahit mainit malamig basta't mapasundan
Dire-diretsu na ang tulog kahit umaga
Well ok lang alam ko naman na magkikita pa naman
Tayong dalawa sa may tagpuang tayo lang ang may alam
Maramdaman na kahit minsan na ako'y iyong mahal
Subalit nagising na lang ako na meron nang sumasakal
Umaandar pa rin ang isip ko nakasama pa kita
Kahit sinasampal nila ako nakikita pa kita
Ano nga bang pinakain mo bakit patay na patay sa'yo
Pati na nga trabaho ko napabayaan ko
Ipagtatapat sa'yo ikaw lang aking pantasya
Sagutin mo lang ako ililibot kita sa asya
Buong hacienda ipapamana sa iyo
O.k. na sana ang lahat bakit ginising mo pa ako

Kung panaginip ka lang ayaw ko nang magising pa
Pagkat nadarama'y ligaya
Lahat ng naisin mo'y aking ibibigay
Pagkat ikaw ay aking mahal

Pagbigyan mo naman ako
Minsan na lamang hihiling
Pagkatapos naman nito patuloy kang mamahalin
'wag mo namang palampasin ang gabing ito ng 'di malinaw
Ipaliwanag mo lang mabuti pero 'wag mong isigaw
Napahiyaw pagkat nangyari ang aking inaasam
Kahit medyo suntok sa buwan
At least 'di na manghihiram
Kay kabunegro na may gawa ng matatamis na panaginip
Luluwag nang paghinga at ang puso'y 'di na maninikip
Pinapahigpit mo pa nga yakap
At ako nama'y tuwang tuwa
At milagro nga'ng ito sa isip ko walang wala
Binalewala ang mga kantyaw na 'di raw tayo nababagay
Ako mismo 'di makapaniwala na sa'kin ka pa bibigay
Pinagpalagay ko na lang lahat ay kaloob sa akin ng Diyos
Kailan may 'di babastusin (susundin lahat ng utos)
Hanggang mapaos sa awitin
Sana nama'y iyong dinggin
At kung panaginip lang ito sanay 'di na 'ko magising

Dapat ko lang tapatan, taasan, higitan
Ng walang hanggan
Pagmamahal na inalay mo lubusan kong tutumbasan
Sabihin mo lang sige lang, sige lang
Bago tuluyang mabuang
Di na nga makapaghihintay
Kahit isa lang, isa lang, isa lang
(hahahahahahehehe)
Mababaliw yata ako sa tamis ng iyong halik
Masasabik ako parati na ikaw ay makapiling
Pero pls. lang baby ako'y nagising, nagising, nagising
Na para bang duling para bang lasing na napraning
Sabihin mo lang kung saan patungo
Uapang ating marating ang minimithi abot-kamay

Walang-wala itong sablay
Handang handa ng maghintay
Wala na sanang bibigay
Mamahalin habang buhay, mamahalin kahit patay
Parang pilay na walang saklay kapag ika'y humiwalay
Mamamatay (para sa'yo)
Mabubuang (para sa'yo)
Mamamatay na lang ako kung panaginip lang ito

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!